JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton


OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**


# 5



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon Sa Pagpapakatao

## Ika-apat na Markahan Modyul 3:
## Kapit ka, Bangon tayo!



Pangalan ng Mag-aaral: ___________________________

Baitang at Seksyon: ___________________________

Paaralan: ___________________________



## *Alamin*

Magandang araw!

Kailangan ba nating ipakita ang pagkalinga sa ating kapwa lalo na sa panahon na may kinakaharap sila na kalamidad?Ano ang mga mabubuting maidudulot nito sa ating kapwa?

Sabi nila, lahat ng problema ay kayang lampasan kung marami kang makakapitan at maraming magpapakita ng malasakit sa panahong gusto mo nang sumuko. Likas sa atin ang pagiging matatag at handang lumaban anumang pagsubok ngunit lalong titibay ang iyong loob kung alam mo na mayroon kang kaagapay sa hamon ng buhay.

Ang modyul na ito ay naglalayon na sa pagtatapos mo ng mga gawain, bilang mag- aaral ikaw ay:

1. Nakakapagpapakita ng tunay na pagmamahal sa kapwa tulad ng pagkalinga at pagmamalasakit sa panahon ng kalamidad.

   **EsP5PD-IVa-d-14**



## *Subukin*

**Panuto**: Piliin ang titik ng iyong tamang sagot at bilugan ito.

1. Ito ang dapat mong gawin kapag nalaman mo na may "El Niño" sa lugar ng mga pinsan mo na pagsasaka ang ikinabubuhay.

   A. Maghintay na humingi sila ng tulong sa pamilya mo.
   B. Tawagan at sabihin sa kanila na kaawa-awa ang kanilang sitwasyon.
   C. Ipagsabi sa mga kalaro ang sinapit ng mga pinsan.
   D. Ipagbigay alam sa mga magulang at agad na magpahatid ng tulong.

2. Biktima kayo ng pagputok ng bulkan. May nakita kang matanda na nahihirapan sa pagtayo habang pumipila upang makakuha ng rasyon ng pagkain sa *evacuation center*. Ano ang maaari mong gawin?

Ano ang maaari mong gawin?

A. Magkunwari na wala kang nakita.
B. Unahan ito sa pila.
C. Sabihan ang matanda na huwag nang kumuha ng rasyon at humingi nalang sa katabi.
D. Tulungan ang matanda na makuha ang rasyon niya ng pagkain.

3. Inanyayahan ka ng iyong kaibigan na pumunta sa kakilala ninyo na nasunugan, Nakita mo na natupok ng apoy ang kanilang tinitirhan.

Alin ang tama mong gawin?
A. Pagtawanan ang kanilang sitwasyon.
B. Makikipagtsismisan sa kapitbahay na nasunugan.
C. Kausapin ang mga nasunugan at sabihan na babalik ka at magbibigay ng tulong.
D. Sabihan ang mga nasunugan na huwag malungkot na mura lang ang kanilang mga gamit na nasunog.

4. Nalunod sa baha ang tatay ng iyong kalaro.Nakita mo siyang umiiyak sa isang sulok.

Alin sa sumusunod ang dapat mong gawin?

A. Dumaan sa harap niya at huwag siyang pansinin.
B. Kausapin siya upang mapagaan ang kanyang loob.
C. Kunan siya ng larawan habang umiiyak.
D. Ayain siyang maglaro ng online games.

5. Nabalitaan mo sa radio na marami ang nangangailangan ng tulong na biktima ng bagyo.

Bilang isang bata na nasa ikalimang baitang, ano ang pwede mong gawin?

A. Ipunin ang mga damit na pinaglumaan at makisuyo sa mga magulang na bigay ito.
B. Pumunta sa lugar na maraming biktima ng bagyo at personal na sumama sa rescue team.
C. Magbigay ng isang libo na donasyon na kinuha mo sa pera na pambili ng gamot ng nanay mo.
D. Huwag makialam at maglaro lamang ng computer buong magdamag.

Modyul 3

# Kapit Ka, Bangon Tayo!

Ang pagkalinga at pagmamalasakit ay kaugaliang taglay ng lahat ng tao na may busilak na kalooban. Sa sitwasyon na sinusubok ang katatagan ng bawat indibidwal ng mga problema tiyak na may handang aagapay sa kanya.

Hindi lamang sa panahon ng sakuna kailangan magbigay ng kalinga at malasakit kung hindi sa araw-araw na ginawa ng Diyos upang umunlad ang pamayanan na iyong kinabibilangan.




## *Balikan*

Bago tayo dumako sa ating aralin ay magkaroon muna tayo ng balik aral. Tinalakay natin noong nakaraan ang tungkol sa pakikiisa sa pagdarasal para sa kabutihan ng lahat.

**Panuto:** Isulat ang iyong mga sagot sa loob ng Puso.

Tanong:

1. Kailangan ba na parati tayong magdasal?
2. Ano- ano ang makukuha mo sa pagdadasal?
3. Ano ang iyong nararamdaman kung ikaw ay nagdadasal?





# Tuklasin

**BUUIN MO AKO!**

**Panuto:** Buuin ang kaisipan.  Ilagay ang titik sa kahon sa ibabaw ng bilang. Gamitin ang bagong alpabetong Filipino na may katumbas na bilang sa ibaba upang mabuo ang kaisipan at isulat ito sa inilaan na patlang. Sagutin ang sumusunod na tanong.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 11 | 1 | 12 | 9 | 16 | 1 |

1. ____________________________

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 13 | 1 | 12 | 1 | 21 | 1 | 11 | 9 | 22 |

2. ____________________________

Mga tanong:

1. Ano ang iyong ideya sa nabuo mong  mga salita?
   ______________________________________________
2. Naranasan mo na bang ipamalas ang mga salitang ito? Sa anong paraan?
   ______________________________________________
3. Ano dapat ang iyong nararamdaman habang ginagawa mo ito? Bakit?
   ______________________________________________



## *Suriin*

Dapat nating tandaan na ang pagkalinga at pagbibigay malasakit sa ating kapwa ay isang gawain na dapat taglay ng bawat indibidwal. Ito ay may kaakibat na responsibilidad at kailangang handa nating ibigay ito sa kung sino man ang nangangailangan.

Maaari nating ipamalas ang ating kalinga at malasakit sa kapwa lalo na sa panahong nakararanas sila ng mga pagsubok at sakuna tulad ng mga sumusunod:

1. Biktima ng Bagyo
2. Biktima ng Sunog
3. Biktima ng Landslide
4. Nawalan ng hanapbuhay
5. Nawalan ng mahal sabuhay
6. Nagkaroonngmalubhangkaramdaram; at iba pa.

Minsan sa iyong paggawa nang mabuti sa iyong kapwa may mga pangyayari na hindi natin inaasahan. Kung ang iyong intensyon ay upang makatulong at maibsan ang problemang kinakaharap ng kapwa ito ay isagawa mo kung magbibigay saya ito sa iyo at sa Dakilang Maylikha, ang ating Panginoon.

Tandaan:

Ano man ang pagsubok na iyong maranasan, huwag sumuko. Maraming handang magbigay ng kalinga at malasakit sa kapwa at higit sa lahat may Diyos tayo na palaging makakapitan.



## *Pagyamanin*

**Panuto**: Basahin at unawain ang mga sitwasyon. Punan ng sagot ang angkop na hanay ng kahon.

| Sitwasyon | Paano mo ipinapakita | Nadarama mo sa iyong ginagawa |
|---|---|---|
| 1. Sumali ka sa camping, bilang isang iskawt, sinabihan kayong tumulong sa mga nasalanta ng bagyo. | | |
| 2. Namatayan ng alaga ang iyong kaibigan dahil ito ay natabunan ng lupa nang nagkalandslide sa inyong lugar, gusto mo siyang mapasaya. | | |
| 3. May batang namamalimos sa lansangan na biktima ng pagputok ng Bulkang Taal, agad mo itong tinulungan. | | |
| 4. Binigyan mo ng tulong ang mga kapitbahay ninyong nawalan ng tirahan dahil sa "flashflood". | | |
| 5. Tinulungan mo ang iyong kapatid sa kanyang modyul dahil ito ay nabasa nang bumaha sa inyo. | | |

Rubrics sa Pagmamarka

| | 5 | 4 | 2 |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Naipapahayag nang malinaw ang opinyon | Hindi masyadong naipahayag nang malinaw ang opinion. | Malayo sa paksa ang nasulat na sagot. |
| Organisasyon | Mahusay ang pagkakasulat .Nagkasunod-sunod ang mga ideya | Maayos ang pagkasulat. | Hindi maayos ang pagkasulat |



## Isaisip

Panuto: Lagyan ng tsek(/) ang patlang bago ang bilang kung ito ay nagpapakita ng kalinga at malasakit sa kapwa. Ilagay ang ekis(x) kung Hindi.

____1. Inalok mo ang iyong upuan para sa isang buntis na napag-alaman mong biktima ng sunog habang nasa loob kayo ng siksikan na pampublikong sasakyan.

____2. Inaya mong maglaro ang malungkot mong kapatid dahil nasa ibang *evacuation center* ang kanyang mga kaibigan na tulad din ninyong nawalan ng bahay dahil sa bagyo.

____3. Lumikas ang inyong pamilya dahil nagsisimula nang pumutok angbulkan. Hinayaan mo lang na mag-isang tumawid sa kalsada ang nakasabay mong matanda.

____4. Pinatuloy mo sa inyong tahanan ang mgakaibigan mo na basa sa ulan.

____5. Binigyan mo ng pagkain ang iyong mga kapitbahay na biktima ng sunog.



## Isagawa

Panuto: Gumawa ng isang Pangako batay sa iyong natutunan sa aralin.

**Pangako**

**Ako ay nangangako** ____________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**Rubrics sa Pagmamarka**

| krayterya | 5 | 4 | 2 |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Naipapahayag sa talata ang opinyon | Hindi masyadong naipahayag sa talata ang opinion. | Malayo sa paksa ang nasulat na talata. |
| Organisasyon | Mahusay ang pagkakasulat ng talata.Nagkasunod-sunod ang mga ideya | Maayos ang pagkasulat. | Hindi maayos ang pagkasulat |



# Tayahin

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang iyong gagawin kung nakita mo ang iyong kaklase na walang kinakain sa tanghalian dahil sila ay nasunugan?

   A. Bigyan siya ng dala mong baon.
   B. Tingnan lamang ang kanyang kalagayan.
   C. Sabihin sa iyong kaklase na uminom na lang ng tubig.
   D. Ipagbigay alam sa guro.

2. Alin sa sumusunod ang iyong gagawin kung nakasalubong mo ang iyong kaklase na hirap sa paglalakad dahil nabagsakan ng sanga ng puno ang kanyang paa ng lumindol?

   A. Alalayan siya sa paglalakad.
   B. Daanan siya at huwag lingunin.
   C. Kausapin ang ibang kaklase na tulungan siya.
   D. Hindi siya papansinin at magpatuloy sa paglalakad.

3. Paano mo maipapakita ang pagmamalasakit sa mga biktima ng landslide?

   A. Magbigay ng donasyong damit at pagkain.
   B. Mag post sa social media na nakakaawa sila.
   C. Magbenta sa kanila ng pagkain na mataas ang presyo.
   D. Puntahan sila at sabihan na nakakaawa sila.

4. Ano ang iyong gagawin kung nakita mo na taimtim na nagdadasal ang iyong nanay habang kasagsagan ng bagyo?

   A. Maglalaro ng computer sa tabi niya.
   B. Tabihan siya at sabayan siya sa pagdadasal.
   C. Buksan ang telebisyon at manood.
   D. Makinig ng balita sa radyo.

5. Bakit kailangan mong magbigay ng kalinga at malasakit sa iyong kapwa?

   A. Upang maging mayaman.
   B. Upang dumami ang suki sa aming negosyo.
   C. Upang makilala ako ng lahat.
   D. Upang makatulong sa kinakaharap nilang pagsubok.



## *Karagdagang* Gawain

**Panuto:** Gumawa ng isang collage gamit ang mga larawan na nagpapakita ng pagkalinga at pagmamalasakit sa kapwa. Idikit ito sa loob ng kahon.

**Rubrics sa pagmamarka**

| **Pamantayan** | **5** | **4** | **2** |
|---|---|---|---|
| **Pagkamalikhain** | Lubusang nagpamalas ng pagkamalikhain. | Nagpamalas ng pagkamalikhain. | Hindi masyadong nagpamalas ng pagkamalikhain |
| **Kaangkupan sa Paksa** | Angkop na angkop ang nabuong collage sa paksa. | Angkop ang ilang bahagi ng collage sa paksa. | Hindi angkop ang  na buong collage sa paksa. |
| **Mensahe** | Angkop na angkop ang mensahe ng collage sa paksa | Angkop ang mensahe sa paksa. | Hindi angkop ang mensahe sa paksa. |
| **Kalinisan at kaayusan** | Napakalinis at napakaayos ng pagkakabuo ng collage. | Malinis at maayos ang pagkakabuo ng collage. | Hindi malinis at maayos ang pagkakabuo ng collage. |



## ***Sanggunian***

Zanaida R. Ylarde, Gloria A. Peralta, EdD, Ugaling Pilipino sa MakabagongPanahon 5 Batayang Aklat : Vibal Group, Inc.,2016

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**


| | |
|---|---|
| Manunulat: | Maricel L. Tercio<br>Teacher II<br>Titay National High School |
| Editor: | Maricris T. Pantollana<br>Ma. Lilia E. Fernandez<br>May B. Vergara |
| Tagasuri: | Randolf O. Morada<br>Ronald K. Manlupig |
| | Mona Lisa M. Babiera, Ed.D - EPS<br>*Education Program Supervisor* |
| Tagapamahala: | Evelyn F. Importante<br>*OIC-CID Chief EPS* |
| | Aurelio A. Santisas<br>O*IC-Assistant Schools Division Superintendent* |
| | Jerry C. Bokingkito<br>O*IC-Assistant Schools Division Superintendent* |
| | Jeanelyn A. Aleman, CESO VI<br>*OIC-Schools Division Superintendent* |